# MESSAGE SENT: BUHAY NA KARANASAN NG ISANG SHS WORKING STUDENT

*by:*
**Eli Rae V. Alipio**
*Teacher I, Pagalanggang National High School*

"Guro ko, gusto ko pong makapagtapos ng aking pag-aaral pero… Kailangan kong umpisahan ang araw na martilyo at pala ang aking hawak sa halip na papel at panulat. Buhat ng aking balikat ang mabigat na pangarap, ang susi ng aking tagumpay ay hindi pa mahagilap, maaari mo po ba 'kong tulungang mahanap?"

Dumating ang araw na sinoma'y walang may kagustuhan lahat ay nakakulong sa sariling tahanan, bilanggo ng pandemyang kumitil sa buhay ng karamihan na sana'y huwag naman ang pangarap ng isang kabataan.

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan

Ang kabataan ang pag-asa ng ating bayan. Paano kung literal ang pakahulugan nito sa iilan? Pinagsasabay ang paghahanap-buhay at ang pag-aaral. Kaya ba nila? Kaya pa ba? Lahat ba'y kayang unawain, lahat ba'y may sapat na atensyon upang sila'y intindihin?

Sadyang hindi patas ang antas ng buhay, ngunit pantay ang oportunidad sa pagkamit ng tagumpay. Kung ang tanong ay kaya ba nila, kakayanin ang sagot, kung ang tanong nama'y kaya pa ba nila,kakayanin pa rin ang sagot.

Walang hindi kakayanin sa taong abot langit ang pangarap para sa sarili at pamilya, gagawing umaga ang gabi upang sagutang papel kinabukasa'y may laman na. Pagod na mga mata ay hindi iniinda, ang sakit ng katawan ay ilalapat lamang sa sandalan, tapos okay na. Patuloy ang buhay, sa pagsikat ng araw ang nakagawiang gawain

Tayo'y tila isang hipon, sabay sa agos ng alon ng panahon, iindayog makaahon lamang sa lalim ng sitwasyon. Nasa ating harapan ang makabagong sistema ng edukasyon, ginagawa ang lahat upang makatugon sa pangangailang pagkatuto para sa susunod na panahon.

Kaya't ang bawat tugon sa mensaheng kanilang inihahatid ay kaakibat ng isang tulong, ang maunawaan ang kanilang sitwasyon sa kalagayang kinasasadlakan nila ngayon ay kaakibat ng isang tulong, ang sila'y bigyan ng sapat na panahon upang turuan sa asignaturang hirap nilang aralin ay kaakibat ng isang tulong, ang kumustahin sila sa kanilang pag-aaral ay kaakibat ng isang tulong, ang ngumiti sa kanilang harapan habang sila'y iyong kausap ay kaakibat ng isang tulong, at ang mahalin sila na parang iyong tunay na anak ay kaakibat ng isang tulong.

Sa huli, hindi sa layo at lapit, hindi sa hirap at dali ng sitwasyon masusukat ang isang tulong, sapat na ika'y nariyan kapag sila'y nangailangan ay isa ng malaking tulong.

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan

Ang kwento ng isang buhay ay hindi mabibigyan ng pamagat kung hindi alam ang ugat. Maliit ang porsyento ng mag-aaral na naghahanap-buhay ngunit ang bilang nito'y, bilang pa rin.

"Oo naman 'nak, halika tayo'y magtulungan upang ang mga nais maunawaan ay aking ipaliliwanag, huwag kang mahihiyang maghatid sa akin ng mensahe sa asignaturang ika'y hirap. Malugod akong tutugon sa iyong pangangailangan. Tayo'y parehas lamang na naninibago sa makabagong edukasyon kaya't narito ako para sa iyo."

"Maraming salamat, aking guro!"

"Mas maraming salamat sa iyo, anak ko. At hindi ka sumusuko."

*References:*

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan